

Konsultasyon gamit ang walong (8) wika.

Resepsyon ng Saitama para sa mga banyaga



Saan mang bansa kayo galing, tayo ay mayroong iisang konsultasyong paksa. Pangunahing nilalaman ng konsultasyon:

•Performance sa taong 17

Una

Pangkalusugan, Kapakanan, Pensyon 343 na kaso (15.8%)

- Q:** Gusto kong pumunta sa ospital pero hindi ako marunong magsalita ng hapon. May maipapayo ba kayong ospital kung saan maaari kong gamitin ang sarili kong wika.
- A:** May mga ospital kaming nahanap na pwede para sa mga banyagang wika. Base sa detalye ng sintomas ng inyong nararamdaman, mabibigyan namin kayo ng impormasyon kung saang ospital kayo maaaring pumunta.

Panagalawa

Trabaho 318 na kaso (14.6%)

- Q:** Pinadalhan na ako ng notipikasyon ng kompanyang pinagtrabahuan ko ng sulat terminasyon. May mai-rekomenda ba kayong mapapasukan?
- A:** Mayroon sistema para sa pagtanggap ng benepisyo para sa mga pansamantalang walang trabaho. Pumunta lamang sa pinakamalapit na job placement office (HELLO WORK)

Pangatlo

Pang-araw-araw na kabuhayan 310 na kaso (14.2%)

- Q:** Nakabili ako ng sobrang mahal na gamit. Gusto ko itong ibalik pero hindi ko alam ang aking gagawin. Pwede ko pa ba itong ibalik sa aking pinagbilhan?
- A:** Sa consumer consultation pwede namin kayong mabigyan ng payo kung ano ang dapat gawin.

Pang-apat

Kasal, Isyu tungkol sa nasyonalidad 235 na kaso (10.8%)

- Q:** Paano ko mai-diborsiyo ang aking asawa?
- A:** Pag-usapang mabuti ang bagay na ito kasama ng iyong asawa. Kung hindi na ma-iwasan ang diborsiyo, pwede kayong sumangguni sa legal aid na serbisyo. Ang Saitama Bar Association Legal Consultation Centre ay nagbibigay ng libreng konsultasyon para sa mga dayuhan.

Panglima

Education 198 cases(9.1%)

- Q:** May maipapayo ba kayong paraan kung paano mapapahintulatang lumipat ang aking anak sa primero na eskuwelahan malapit sa amin.
- A:** Ano man ang kwalipikasyon ng inyong pagiging residente, sumangguni lamang sa opisina ng Board of Education kung saang siyudad nakarehistro ang inyong Alien Card.

Mga nangungunang kaso ng konsultasyon base sa nasyonalidad, wika...
Maraming tao ang humihingi ng payo at tulong sa serbisyong konsultasyon na ito.

★Nasyonalidad

1、Peru	27.2%
2、China	14.7%
3、Japan	14.6%
4、Brazil	10.3%
5、Philippine	9.4%

★Wika

1、Spanish
2、Japanese
3、Chinese
4、English
5、Portuguese

★Paraan ng pagkonsulta

1. Telepono
2. Pagbisita sa opisina
3. Sulat

Gupitin at iligpit at dalhin saan man magpunta. Huwag mag-atubiling tumawag sa mga numerong nakasaad sa baba

1. Petsa ng konsultasyon at mga wikang maaaring gamitin. (17 miyembrong taga-pagpayo) Lunes ~ Biyernes (Maliban sa mga pampublikong bakasyon at Disyembre 29 ~ Enero 3) Alas nuwebe hanggang alas kuwatro ng hapon (9:00am ~ 16:00pm) (Walang (8) wika: English, Spanish, Chinese, Portuguese, Korean, Tagalog, Thai, Vietnamese)
2. Resepsyon ng konsultasyon
Telepono, FAX, Sulat, E-mail, Personal na pagbisita sa opisina.

3. Mga numerong maaaring tawagan o kontakin.

Phone 048-833-3296
048-835-2423
FAX 048-833-3291
E-mail help@sia1.jp

(Ang FICEC ay nagbibigay din ng serbisyong konsultasyon para sa pangkabuhayan. Para sa mga detalye basahin ang huling pahina)

Para sa mga magulang at mga anak na ang pangunahing salita ay hindi Hapones

Gabay para sa mga High School

2007

Lugar	Petsa	Gusaling bayan kung saan ginaganap
Fukaya	Hulyo 8, 13:00 ~	Fukaya life study centre • Fukaya public hall (18 mins walk from JR Fukaya Station, North exit)
Saitama	Hulyo 15, 13:00 ~	Omiya Sonic City municipal hall (3 mins walk from JR Omiya Station, West exit)
Kawagoe	Hulyo 22, 13:00 ~	Klasse Kawagoe (3 mins walk from JR • Tobu-tojo line, Kawagoe Station, East exit)
Koshigaya	Sisimulan sa Oktubre	

Dahil ang mga kabataan ay mahalaga para sa kaunlaran ng bayan, tulungan natin silang itaguyod ang kanilang buhay sa pamamagitan ng edukasyon. Ang bansang Hapones ay may mataas na porsiyento ng mga estudyanteng mataas ang kuwalidad ng edukasyon. Karamihan sa mga Junior High School na estudyante ay pumapasok sa mataas na paaralan o High School. Ang kuwalipikasyon ng pagtatapos ng mga estudyante sa mataas na paaralan ay nagbibigay sa kanila ng bentahe para makapasok sa trabaho. Maaari din nilang hamunin ang pagpasok sa kolehiyo. Ang gabay na ito ay magbibigay ng mahalagang impormasyon para sa inyong mga anak sa pagpasok sa mataas na paaralan. English, Chinese, Portuguese, Spanish at iba pa ay handang gamitin para sa interpretasyon.

Ang mga aplikante ay dapat ihayag ang mga sumusunod na impormasyon: Pangalan, Grado sa iskul, Bansang pinanggalingan, Lugar na gusto, Kailangan ba ng taga-pagsalin
Kontakin o tumawag sa SIA division sa pamamagitan ng FAX, E-mail at telepono.
FAX 048-833-3291 E-mail onishi@sia1.jp ☐ 048-833-2992

Nangangailangan ang WAI WAI club ng banyagang staff!

[Contact details]
Haneishi
090-3433-3298
Ishii
049-256-4290 (Centre)

Ang medium sized license system ay na-isabatas na magmula sa Hunyo 2

Maraming kaso ng aksidenteng pagkamatay ay dulot ng truck na madalas ay ang mayroong regular na lisensya ang nagmamaneho. Dahil sa impluwensya nito, ang lisensya para sa mga medium size na sasakyan ay naipatupad sa pagitan ng regular-sized car at large sized car.

Ang mga klase ng lisensya ay medium size license, second sort license, at temporary license para sa medium size. Ang nakaraang regular license ay maituturing na ngayong medium size license (8 limitadong medium-sized license).
Samakatuwid, hindi na kinakailangang kumuha uli ng medium size na lisensya dahil ito ay sakop pa rin ng dating sukat ng sasakyan.